HALAW SA KATITIKAN NG IKA–44 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-14 NG HUNYO 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG MAHIPON-LUMOT CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan / Nangungulong Pinuno

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeňas, SKF President;

HINDI DUMALO: Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
(*Vacation Leave*)

**KAPASIYAHAN BLG. 225- 2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-LABING SIYAM (19) NA TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG SISILMIN AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG KAUNAUNAHANG ALUMNI HOMECOMING.**

**May Akda: SB ROMEL J. VILLANUEVA**
*Chairman, Committee on Ordinance and Legal Matters and Committee on Education*

**SAPAGKAT,** matapos maipahayag na may isang lagay na lupa na naisadya ang Pamahalaang Barangay ng Sisilmin at pamahalaang Bayan ng Cavinti, kagyat itong naipagbigay alam sa Kagawaran ng Edukasyon;

**SAPAGKAT**, matapos isaayos ang mga pagtatayuan ng mga silid-aralan ang Paaralang Elementarya ng Barangay Sisilmin ay itinatatag noong ika-16 ng Hulyo 2004;

**SAPAGKAT,** ang mga nagsipag-aral at mga nagsipagtapos na kung tawagin ay mga millennial babies ay sa kasalukuyan ay mga naging propesyonal na rin at nagbibigay na rin ng karangalan sa ating bayan;

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Mababang Paaralan ng Sisilmin ang isa na ngayon na bahagi ng pandayan ng mga kasalukuyang henerasyon na nagbigay daan na rin sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** sa Ika-17 ng Hunyo taong 2023 ay magdadaos ng kanilang ika-labing siyam (19) na taong pagkakatatag ng Paaralang Elementarya ng Sisilmin na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito, mainam na pagkakataon upang gunitain ang mga masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang masusi at malayang talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, na pinangalawahan naman at buong pusong sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya na **MAPITAGANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-LABING SIYAM (19) NA TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG *ELEMENTARYA NG SISILMIN* AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG KAUNAUNAHANG *ALUMNI HOMECOMING.***

**IPINASIYA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Kasalukuyang Punong Guro ng Mababang Paaralan SISILMIN, Gng. Angelie G. Sales Teacher Leader, ang Pinuno ng Samahan ng Alumni at mga Miyembro.

**IPINASIYA PA RIN**, na mabigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan sa pamamagitan ng isang kuwadro na may Pangalan at lagda ng Kasalukuyang Punumbayan KGG. ARRANTLEE R. ARROYO at ng May-Akda KGG. ROMEL J. VILLANUEVA at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahan sa ARAW NG ALUMNI HOME COMING sa ika-17 ng HUNYO 2023 ng nasabing Paaralan.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-44 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Barangay ng Mahipon-Lumot ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-14 ng Hunyo, 2023

**NANETTE V. JUAREZ**
Acting SB Secretary

SINANG-AYUNAN:

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pangalawang Punumbayan

PINAGTITIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan